



## Pagreseta ng Opioid

### Pagtugon sa krisis sa opioid sa pamamagitan ng mga pagbabago sa pagreseta at pagsubaybay

Bilang tugon sa krisis sa opioid sa Estado ng Washington at sa buong bansa, inatasan ng lehislatura ang limang lupon at komisyon sa pagrereseta na bumuo at magpatibay ng bagong mga kinakailangan sa pagreseta ng opioid.

Ang Department of Health (Departamento ng Kalusugan), na nakikipagtulungan sa mga lupon at komisyon, ay nagbibigay ng edukasyon at outreach o pakikibahagi sa mga bagong kinakailangan sa pagreseta ng opioid ng Washington.

Ang pahinang ito ay may impormasyon para sa mga provider, mga pasyente, at sa publiko.

# Background

## Ang Krisis sa Opioid

Daan-daang katao sa ating estado ang namamatay dahil sa mga labis na dosis (overdose) ng opioid bawat taon, parehong dahil mula sa mga iniresetang gamot at iba pang mga narkotiko tulad ng heroin. Ang problema ay isang krisis sa pampublikong kalusugan. Marami sa mga nakakaligtas mula sa labis na dosis ay nireresetahan pa rin ng mga opioid pagkatapos ng labis ng dosis. Noong Oktubre 2016, si Gob. Jay Inslee ay naglabas ng executive order na tumutukoy sa sakit sa paggamit ng opioid bilang isang "nakapipinsala at nakamamatay na kondisyong medikal." Ang kanyang utos ay nanawagan ng kilos upang pigilan ang mali at sobrang paggamit ng mga opioid.

## Sagot ng Lehislatibo

Noong 2017, [nagpasa ng batas ang lehislatura](#) na nakatuon sa pagpapabuti ng pagreseta ng mga opioid, at sa pagsubaybay ng mga reseta. Iniaatas ng batas ang pagpapatibay ng limang propesyonal na lupon at komisyon sa pangangalagang pangkalusugan ng mga bagong panuntunan para sa pagreseta ng mga gamot na opioid:

- Medical Commission (Komisyon sa Medisina)
- Board of Osteopathic Medicine and Surgery (Lupon sa Osteopatic na Medisina at Surgery)
- Nursing Commission (Komisyon sa Nursing)
- Dental Quality Assurance Commission (Komisyon sa Pagtitiyak ng Kalidad sa Pagdedentista)
- Podiatric Medical Board (Pangmedikal na Lupon sa Podiatry)

## Ang Proseso ng Pagbuo ng Mga Panuntunan

- Ang limang lupon at komisyon ay bumuo ng task force (grupong inatasan ng tungkulin) sa pagreseta ng mga opioid na may mga kinatawan mula sa bawat isa. Aktibo ring nakilahok ang mga teknikal na eksperto mula sa Pharmacy Quality Assurance Commission (Komisyon sa Pagtitiyak ng Kalidad sa Parmasya) at iba't ibang entidad ng pangangalagang pangkalusugan.
- Mula Setyembre 2017 hanggang Marso 2018, nagsagawa ang task force ng mga pagpupulong sa iba't ibang panig ng estado upang maglikom ng impormasyon mula sa mga pribadong mamamayan, pasyenteng nakakaranas ng pananakit o kirot, samahan ng propesyonal, lider sa komunidad, provider ng pangangalagang pangkalusugan, at kaakibat sa pampublikong kalusugan.
- Sa katapusan ng huling pagpupulong na isinagawa noong Marso 2018, bumuo ang task force ng mga panuntunan na maaaring magamit (boiler plate set of rules) ng bawat lupon at komisyon para i-customize at gamitin para sa kanilang partikular na propesyon.
- Nagsagawa ng mga karagdagan pagpupulong ang limang lupon at komisyon upang i-customize ang mga panuntunan kung pangangailangan, at upang mag-aproba ng draft ng

lengguwahe (mga salitang gagamitin) ng panuntunan. Nagsumite sila ng indibidwal na mga tinipong panukala ng panuntunan noong summer ng 2018.

- Nagsagawa ang lahat ng limang lupon at komisyon ng mga pampublikong pagdinig at nagpatibay ng panukalang lengguwahe ng panuntunan noong Agosto at Setyembre 2018.

### **Fall 2017 - Unang Bahagi ng Spring 2018**

- Task Force
- Gumawa ng draft ng grupo ng mga panuntunan na may layuning magkaroon ng hindi pabago-bagong panuntunan para sa bawat propesyon.

### **Spring 2018**

- Mga Lupon at Komisyon
- Baguhin at pinuhin ang mga konseptuwal na panuntunan upang bumuo ng draft ng lengguwahe para sa mga propesyon nito.

### **Summer 2018**

- Mga Lupon at Komisyon
- Tumanggap ng mga nakasulat na komento, magsagawa ng publikong pagdinig, at baguhin ang mga panuntunan kung kinakailangan.

### **Unang Bahagi ng Fall 2018**

- Department of Health (Departamento ng Kalusugan)
- Sinusuri ng departamento ang lahat ng panukalang lengguwahe mula sa lahat ng lupon at komisyon.

### **Huling Bahagi ng Fall 2018**

- Department of Health (Departamento ng Kalusugan)
- Pagsumite ng huling lengguwahe ng panuntunan mula sa mga lupon at komisyon sa Office of the Code Reviser (Opisina ng Tagarebisa ng Kodigo).

## **Mga Materyales sa Workshop ng Task Force sa Pagreseta ng Opioid**

Nagsagawa ang Task Force sa Pagreseta ng Opioid ng pitong workshop sa iba't ibang panig ng estado upang maglikom ng impormasyon mula sa mga mamamayan, mga lider sa komunidad, mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, at mga kaakibat sa pampublikong kalusugan. Nasa ibaba ang mga petsa ng mga pagpupulong, mga materyales sa pagpupulong, at mga dokumento na ginamit ng task force sa pagbuo ng draft ng mga konseptuwal na panuntunan.

# Mga Pasyente

## Impormasyon sa Mga Bagong Panuntunan sa Pagreseta Para sa Mga Pasyente at sa Publiko

Karapatan ng lahat ng tao na magamot nang wasto ang kanilang medikal na pananakit. Nakatutulong ang mga opioid, ngunit may mga panganib din ang mga ito. Mahalaga para sa lahat ng tao sa estado na gumagamit ng mga opioid para sa pananakit na malaman ang tungkol sa mga bagong kinakailangan sa pagreseta ng Washington.

Bahagi ng layunin sa pagdisenyo ng mga bagong kinakailangan ay upang mabawasan ang maling paggamit ng mga inireresetang opioid. Nilalayon din nito na protektahan ang pangangalaga ng lahat ng mga pasyente, kabilang na ang mga pasyente ng pananakit. Hindi nito pinipigilan ang naaangkop na pangangasiwa sa pananakit.

## Mga Handout sa Mga Pasyente

May iba't ibang uri ng mga mapagkukunan ang Washington State Department of Health (Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Washington) upang matulungan ang mga pasyente na maintindihan ang mga bagong panuntunan kinakailangan sa pagreseta ng mga opioid.

- [Handout Para sa Pasyente na May Matagal na Pananakit](#)
- [Handout Para sa Pasyente na May Pananakit mula sa Operasyon](#)
- [Handout Para sa Pasyente na May Matinding Pananakit](#)
- [Handout Para sa Pasyente na May Mas Matinding Pananakit](#)

# Mga Kadalasang Tinatanong ng Pasyente at Publiko

Ano ang mga gamot na opioid?

Ang mga opioid ay isang klase ng gamot na ginagamit upang mabawasan ang pananakit o kirot. Maaaring magreseta ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ng mga opioid na gamot upang paginhawain ang katamtaman hanggang malubhang pananakit. Kabilang ang codeine, fentanyl, oxycodone, methadone, hydrocodone, at morphine sa mga kontroladong gamot na ito.

## Impormasyon sa mga Opioid

**Washington State Department of Health (Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Washington):**

- [Pagreseta ng Opioid](#)
- [TakeAsDirected](#)
- [Washington Poison Center](#)
- [Washington State Drug Takeback Program \(Programa sa Pagbabalik ng Gamot ng Estado ng Washington\)](#)

## Pederal na Pamahalaan:

- [Centers for Disease Control and Prevention – Mga Tip Para Maiwasan ang Pagkalason](#)
- [Drug Enforcement Administration \(Administrasyon sa Pagpapatupad ng Mga Batas Ukol sa Droga\)](#)

Ano ang tinuturing na matagal na pananakit (chronic pain)?

Nagtatagal ang matagal na pananakit ng 12 linggo o mas matagal pa. Andito ang [karagdagang impormasyon tungkol sa matagal na pananakit \(PDF\)](#)

Ano ang tinuturing na matinding pananakit (acute pain)?

Nagtatagal ang matinding pananakit ng hindi lalapas sa anim na linggo. Andito ang [karagdagang impormasyon tungkol sa matinding pananakit \(PDF\)](#).

Ano ang tinuturing na mas matinding pananakit (sub-acute pain)?

Nagtatagal ang mas matinding pananakit ng anim hanggang 12 na linggo. Andito ang [karagdagang impormasyon tungkol sa mas matinding pananakit \(PDF\)](#).

Sinabihan ako na ang aking provider ng pangangalagang kalusugan ay hindi na makakapagreseta ng mga opioid. Totoo ba iyon?

Hindi, ibinabalangkas lamang ng mga bagong iniaatas ang mga kinakailangang sundin ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa pagreseta ng mga opioid. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa iyong mga partikular na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong (mga) provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Nililimitahan ba ng mga panuntunan ang dami ng gamot na opioid na maaari kong matanggap?

Nagtatalaga ang mga bagong panuntuhan ng mga limitasyon sa pagreseta para sa mga partikular na uri ng pangangalaga sa pananakit. Gayunpaman, pinapahintulutan din ng mga bagong panuntunan ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na lampasan ang mga limitasyong iyon para sa mga dokumentadong medikal na kadahilanan.

Mayroon bang iniuutos na dahan-dahang pagbawas ng gamot (tapering) ang mga bagong panuntunan?

Wala. Ibinabalangkas ng bagong panuntunan ang mga sitwasyon kung kailan dapat isaalang-alang ang tapering. Mangyaring kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan kung mayroon kang mga katanungan o alalahanin tungkol sa tapering.

Kung ako ay isang pasyente na may matagal na pananakit na nangangailangan ng mataas na dosis at nagsimulang magpatingin sa bagong praktisyoner, hihingin ba sa akin na dahan-dahang bawasan ang aking kasalukuyang dosis ng mga opioid?

Hindi palagi. Kung ang dosis ng iyong mga opioid ay hindi pabago-bago at hindi tumataas, nagpakita ka ng pagsunod sa mga nakasulat na kasunduan para sa mga plano sa paggamot, at may dokumentadong katatagan ng pagkilos (functional stability), pagkontrol sa pananakit, o dokumentadong pag-unlad, maaaring magkaroon ang iyong bagong praktisyoner ng eksensiyon o pagbubukod ng 90 araw mula sa mga iniuutos na kinakailangan sa tapering upang makapagsagawa ng pagsusuri ng naaangkop na paggamot. Maaaring baguhin ng iyong pangmatagalang medikal na praktisyoner ang iyong mga reseta sa opioid batay sa pagsusuri at mga pangangailangan ng pasyente ayon sa sitwasyon.

Kung sa aking palagay ay hindi ako nakatanggap ng naaangkop na pangangalaga, kanino ako makikipag-ugnayan?

Maaari kang magsumite ng reklamo sa Department of Health sa pamamagitan ng email o telepono. Ito ang proseso sa reklamo at pagdisiplina ng Department of Health. Andito ang mga katanungan at sagot tungkol sa proseso ng reklamo.

## Ano ang risk assessment (pagsusuri ng panganib)?

Ito ay isang tool na nakatutulong sa pangmedikal na provider na matukoy ang potensiyal para sa pang-aabuso o maling paggamit sa droga.

## Sa ilalim ng mga bagong panuntunan, kailangan ko bang lumipat sa bagong provider ng pangangalagang pangkalusugan upang maresetahan ng mga gamot na opioid?

Hindi. Hindi iniaatas ng batas at ng mga panuntunan na palitan mo ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Hindi kailangang itigil ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ang pagtingin sa iyo. Sa ilang mga partikular na kalagayan, maaaring kumonsulta ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan sa isang espesyalista sa pananakit.

## Maaari bang itigil ng aking mga provider ang pagtingin sa akin kung ako ay nasa kanilang pangangalaga para sa pananakit dahil ayaw nila magreseta ng mga opioid?

Hindi wasto para sa sinumang provider na itigil ang pagtingin sa isang pasyente nang walang wastong abiso na binibitawan na niya ang pasyenteng iyon. Bagaman, maaaring piliin ng praktisyoner na itigil ang pagtingin sa isang pasyente.

## Isa akong pasyente na may matagal na pananakit. Ano ang mga kinakailangan upang maipagpatuloy ng aking provider ang pagreseta sa akin ng mga gamot na opioid?

Depende ito sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan, at ang katayuan ng iyong pangangalaga at mga pangangailangan. Kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

- Maaaring kailanganin ng iyong provider ng patuloy na edukasyon tungkol sa pagreseta ng opioid.
- Maaaring kailanganin ng iyong provider na kumonsulta sa isang espesyalista sa pananakit, o maaari kang i-refer sa isang espesyalista sa pananakit para sa konsultasyon.
- Kung matatag ang iyong pangangalaga at pananakit, at ikaw ay mayroong parehong dosis ng gamot, maaaring kailangan lamang idokumento ito ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan sa iyong rekord ng pasyente.

## Kung ako ay isang pasyente na may matagal na pananakit, ire-refer ba ako sa isang espesyalista sa pananakit?

Hindi palagi. Depende ito sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan, iyong medikal na kasaysayan, at sa plano para sa iyong pangangalaga.

- Maaari kang i-refer upang magpatingin sa isang espesyalista sa pananakit, o
- Maaaring kumonsulta ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan sa isang espesyalista sa pananakit.

- Pinapahintulutan ng mga panuntunan ang mga pagbubukod mula sa konsultasyon sa ilalim ng mga partikular na kalagayan.

### Kailangan ko bang palitan ang aking gamot sa pananakit?

Hindi binabago ng batas at ng mga panuntunan ang iyong gamot sa pananakit o pinagbabawalan ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan mula sa pagreseta nito. Isa iyong desisyon sa pagitan mo at ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

### Kailangan ko bang itago nang ligtas ang aking mga iniresetang gamot na opioid?

Oo. Makipag-usap sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kung paano mapapanatiling ligtas ka at ang iyong pamilya. Tingnan sa ibaba ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagtago ng mga iniresetang opioid.

### Ano ang gagawin ko sa aking mga hindi nagamit na gamot na opioid?

Upang itapon ang mga hindi kailangan na gamot, tanungin ang iyong botika tungkol sa mga lugar para sa pagbabalik ng gamot (drop-off location) na malapit sa iyo. Kung hindi mo maibabalik ang hindi nagamit na gamot, ilagay ang basura sa bote at itapon ito sa orihinal na hindi nabubuksan ng bata at mahigpit na naisasarang bote nito. Huwag ito i-flush sa inidoro.

Maaari mo ring bisitahin ang [www.doh.wa.gov/drugtakeback](http://www.doh.wa.gov/drugtakeback) upang malaman ang tungkol sa bagong Drug Takeback Program ng Estado na kasalukuyang pinapaunlad, na magkakaroon din ng mga sanggunian tungkol sa mga hindi nagamit na gamot.

### Paano kung umiinom ako ng ibang mga gamot?

Sabihin sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan at parmasyutiko ang lahat ng ibang gamot na iniinom mo. Maaaring mataas ang panganib ng paghahalo ng gamot sa pananakit at ibang inirereseta at hindi inireresetang gamot. Maaaring palakasin ng mga partikular na gamot ang epekto ng mga opioid kapag sabay silang ininom. Kung mayroon kang higit pa sa isang provider, tiyakin na alam nilang lahat ang tungkol sa lahat ng mga gamot na iyong iniinom. Kasama rito ang anumang mga suplementong bitamina.

### Ano ang Naloxone?

Isa itong narcotic blocker (humaharang sa mga narkotiko) na ginagamit upang gamutin ang labis na dosis ng narkotikong gamot. Pansamantala nitong binabaliktad ang mga epekto ng mga gamot na opioid at madalas itong ginagamit bilang panligtas na gamot sa mga kaso ng labis na dosis ng opioid. Mangyaring kumonsulta sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga katanungan tungkol sa naloxone.



Kanino ako makikipag-ugnayan kung mayroon akong mga katanungan?


Mangyaring tingnan ang aming [contact us webpage](#) para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

# Iba Pang Impormasyon ng Pasyente

## Pag-access sa pangangalaga para sa pamamahala ng pananakit o kirot

- Kung mayroon kang pangunahing provider ng pangangalagang pangkalusugan, makipag-ugayan sa provider para sa pangangalaga o para sa referral sa pangangalaga.
- Kung **wala** kang pangunahing provider ng pangangalagang pangkalusugan, makipag-ugnayan sa kompanya ng iyong insurance sa kalusugan.
- Kung wala kang insurance sa kalusugan, iyong alamin kung [paano makakakuha ng insurance](#) o tumawag sa 1-855-923-4633.

**Ang iyong insurance ay dapat makapagbigay sa iyo ng access sa pangangalaga para sa pamamahala ng pananakit.** Kung mayroon kang problema sa pagkuha ng mga serbisyo, tawagan ang Office of the Insurance Commissioner (Opisina ng Komisionado ng Insurance) sa 1-800-562-6900.

Medicare / Insurance	Apple Health	Managed Care Plan* sa pamamagitan ng Apple Health o Pribadong Insurance
<p><b>Insurance:</b> Tawagan ang numero sa likod ng iyong insurance card para sa tulong. Kung hindi mo alam kung paano makipag-ugnayan sa iyong insurance, tumawag sa 1-800-562-6900.</p> <p><b>Medicare:</b> Tawagan ang numero sa likod ng iyong insurance card para sa tulong. Kung hindi mo alam kung paano makipag-ugnayan sa provider ng iyong insurance, tumawag sa 1-800-562-6900.</p>	<p><a href="#">Maghanap ng provider</a> Tumawag sa 1-800-562-3022.</p> <p><a href="#">Saklaw ng Apple Health (Medicaid)</a></p> 	<p>Managed Care Plan (Plano sa Pinamamahalaang Pangangalaga)* sa pamamagitan ng Apple Health o pribadong insurance. Tawagan ang numero sa likod ng iyong card ng insurance para sa tulong.</p> <p>*Amerigroup, Community Health Plan of Washington, Coordinated Care of Washington, Molina, United Healthcare Community Plan.</p>

## Pagpunta sa iyong medikal na appointment

- Kung mayroon kang insurance na Medicaid, [maghanap ng transportasyon papunta sa isang medikal na appointment](#).

## Tulong sa krisis

- Kung nahihirapan ka sa pagharap sa iyong pananakit at pakiramdam mo ay wala ng pag-asa o ikaw ay nababagabag, mangyaring tawagan ang **National Suicide Prevention Lifeline (Pambansang Linya ng Tulong sa Pag-iwas sa Pagpapatiwakal) sa 1-800-273-8255**.
- Kung ikaw ay nasa King County, tawagan ang linya ng Crisis Clinic sa 1-866-789-1511.
- Mayroong crisis clinic ang bawat county sa Washington. Maghanap ng [crisis clinic](#) malapit sa iyo.
- Kung sa palagay mo ay kailangan mo ng mga serbisyo sa paggamot para sa paggamit ng droga, tawagan ang [Washington Recovery Helpline \(Linya ng Tulong sa Pagpapagaling ng Washington\)](#) sa 1-866-789-1511.

Para sa impormasyon at mga mapagkukunan sa iyong lugar, makipag-ugnayan sa iyong [lokal na departamento ng pampublikong kalusugan](#).

## Mga Alalahanin sa Withdrawal:

- Kung biglaan mong itigil ang paggamit ng mga gamot para sa pananakit, maaari kang makaranas ng mga sintomas ng withdrawal (pagtigil). Maaaring maging mahirap ang withdrawal, ngunit ito ay malamang na hindi makasasama sa iyong katawan. Maaaring kabilang sa mga sintomas ang malubhang pagkabalisa, pagkabagabag, pagkaduwal, pagdudumi, sakit ng kalamnan, o kahirapan sa pagtulog (insomnia).
- Kung matagal ka nang gumagamit ng benzodiazepine tulad ng Xanax, Valium, o Ativan at biglaan kang tumigil, maaari kang magkaroon ng mga problema na mas malubha, at maaaring nagbabanta pa sa buhay.
- Kung naging malubha ang iyong pananakit, o mga sintomas ng withdrawal, pumunta sa emergency department ng iyong lokal na ospital o sa isang urgent care clinic (klinika sa agarang pangangalaga).
- Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan kung mayroon kang mga karagdagang katanungan.

### Mga Mapagkukunan ng Washington State Department of Health

- [Pahina sa Pagreseta ng Opioid ng Washington State Department of Health \(Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Washington\)](#)
- [TakeAsDirected](#)

### Iba Pang Pang-Estado at Pederal na Mapagkukunan

- [Washington Poison Center](#)
- [Centers for Disease Control and Prevention - Mga Tip Para Maiwasan ang Pagkalason](#)
- [Drug Enforcement Administration](#)

# Makipag-ugnayan sa Amin

Magpadala ng email sa amin: [OpioidPrescribing@doh.wa.gov](mailto:OpioidPrescribing@doh.wa.gov)

---

## **Washington Medical Commission (Komisyon sa Medisina ng Washington)**

[Medical.commission@doh.wa.gov](mailto:Medical.commission@doh.wa.gov)

360-236-2750

[Website](#)

---

## **Nursing Care Quality Assurance Commission (Komisyon sa Pagtitiyak ng Kalidad ng Pangangalaga ng Nars)**

[Nursing@doh.wa.gov](mailto:Nursing@doh.wa.gov)

360-236-4703

[Website](#)

---

## **Board of Osteopathic Medicine and Surgery (Lupon sa Osteopathic na Medisina at Surgery)**

[Osteopathic@doh.wa.gov](mailto:Osteopathic@doh.wa.gov)

360-236-4766

[Website](#)

---

## **Dental Quality Assurance Commission (Komisyon sa Pagtitiyak ng Kalidad sa Pagdedentista)**

[Dental@doh.wa.gov](mailto:Dental@doh.wa.gov)

360-236-4893

[Website](#)

---

## **Podiatric Medical Board (Pangmedikal na Lupon sa Podiatry)**

[Podiatric@doh.wa.gov](mailto:Podiatric@doh.wa.gov)

360-236-4941

[Website](#)

**Prescription Monitoring Program (PMP, Programa sa Pagsubaybay sa Reseta)**

[Prescriptionmonitoring@doh.wa.gov](mailto:Prescriptionmonitoring@doh.wa.gov)

360-236-4806

[Website](#)

---

**Pharmacy Quality Assurance Commission (Komisyon sa Pagtitiyak ng Kalidad sa Parmasya)**

[Wspqac@doh.wa.gov](mailto:Wspqac@doh.wa.gov)

360-236-4946

[Website](#)

---

**Sentro ng Tawag sa Serbisyo sa Kostumer**

[hsqa.csc@doh.wa.gov](mailto:hsqa.csc@doh.wa.gov)

Telepono: 360-236-4700

[Website](#)

P.O. Box 47865

Olympia, WA 98504-7865

---

Upang makatanggap ng mahalagang impormasyon tungkol sa Pagreseta ng Opioid sa pamamagitan ng e-mail, mangyaring piliin ang kulay berde na "Subscribe (Mag-subscribe)" na pindutan sa ibaba ng pahina.